

Buod sa **Pangangasiwa**

Namumuhunan sa Komunidad

COUNTY NG SAN DIEGO



Nora Vargas
Superbisor
Unang Distrito



Joel Anderson
Superbisor
Ikalawang Distrito



Terra Lawson-Remer
Superbisor
Ikatlong Distrito



Bakante
Superbisor
Ika-apat na Distrito



Jim Desmond
Superbisor
Ika-limang Distrito

Helen N. Robbins-Meyer
Pansamantalang Punong Opisyal ng Administrasyon

L. Michael Vu
Pangalawang Punong Opisyal ng Administrasyon



Helen N. Robbins-Meyer

Pansamantalang Punong Opisyal
ng Administrasyon

Mensahe sa **Inirerekomenda ng CAO** na Planong Pagpapatakbo

Ang County ng San Diego ay Namumuhunan sa Komunidad.

Ang aming bagong badyet, ang mga serbisyong ibinibigay, at ang aming trabaho ay lahat ay binuo sa input ng komunidad—iyong input. Mula sa mga pulong sa komunidad hanggang sa mga survey, hanggang sa pakikipag-ugnayan sa online, pinahalalagahan at ginagamit namin ang tulong mo upang hubugin ang mga serbisyong inaasaha ng lahat ng San Diegans.

Ang badyet ay binuo sa mga halagang nakasulat sa ating Sistema ng Pangkalahatang Pamamahala ng County – pagiging kabilang, pagkakapantay-pantay, pag-access, pagpapanatili, integridad at kahusayan.

At tinutugunan nito ang mga isyu na mahalaga sa ating lahat. Kawalan ng tirahan, pagbuo ng malakas at ligtas na mga komunidad, pamumuhunan sa mga nagtatrabahong pamilya, kalusugan ng isip at mga karamdaman sa paggamit ng substansya, pagpapanatili at reporma sa hustisya.

Sa kabuuan, patuloy itong bumubuo ng makatarungan, napapanatiling at matatag na kinabukasan para sa lahat ng San Diegans. Ang inirerekomendang badyet na ito ay may pera upang makatulong sa pagtatayo ng abot-kayang pabahay. At ito ay magpapataas ng mga serbisyo at pabahay para matulungan ang mga tao, kabilang ang mga pamilya, nakatatanda, mga beterano at ang LGBTQIA+ na komunidad, na nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

Nagdaragdag ito ng pera at mga tauhan para sa mga programa sa pinansyal na seguridad kabilang ang CalWorks, CalFresh at MediCal. Nagdagdag ito ng pondo upang matulungan ang mga taong may mga isyu sa kalusugan ng pag-uugali, para mapalawak ang kalusugan ng publiko at tulungan ang mga nakatatanda, mga bata at pamilya. Kabilang dito ang pera upang dagdagan ang paggamot para sa kalusugan ng isip at mga karamdaman sa paggamit ng substansya, upang tugunan ang pagbabago ng klima, gumawa ng aksyon sa kapaligiran at tumulong sa mga batang inampon.

Patuloy itong namumuhunan sa isang patas na sistema ng hustisya. Naglalaan ito ng pera at mga tauhan upang tumulong na ilayo ang mga kabataan sa sistema ng hustisyang kriminal gamit ang mga alternatibo sa pagkakulong tulad ng pagsasanay sa trabaho, kalusugan ng isip at paggamot sa paggamit ng droga, at permanenteng pabahay. Ito ay may pera para sa mga korte ng droga, mga korte para sa walang tirahan, mga korte sa muling pagpasok at mga korte ng beterano.

Ang badyet ay patuloy din sa pagbuo para mapabuti ang ating mga komunidad. Ito ay magtatayo ng “One Safe Place South: The South County Family Justice Center” na tutugma sa binuksan noong nakaraang taon sa North County. Ito ay magtatayo ng bagong Jacumba Fire Station at isang bagong 52,000 talampakang kuwadrado, na state-of-the-art na Laboratoryo ng Kalusugan ng Publiko.

Sa pagreretiro ko ngayong taon pagkatapos ng 25 taon ng paglilingkod sa County ng San Diego, ito ang huling inirerekomendang badyet na may karangalan kong isusumite. Ito’y ipinagmamalaki kong dalhin sa iyo at sa aming Lupon ng mga Superbisor. Nagtitiwala ako na ang badyet na ito at ang ating bagong henerasyon ng mga pinuno ng County ay patuloy na magtatayo ng isang mas mahusay na San Diego. Isang County at isang hinaharap na Namumuhunan sa Komunidad.

Ang mga **Halaga** ay Humuhubog ng Badyet

Ang pananaw ng County ng San Diego ay isang makatarungan, napapanatili at matatag na hinaharap para sa lahat ng suportado ng mga pagpapahalagang ito.

PAGIGING KABILANG

Nagpapayaman ng pakiramdam ng pagiging kabilang para sa mga customer at empleyado ng County.

PAGPAPANATILI

Nilalabanan ang pagbabago ng klima at pinoprotektahan ang kapaligiran upang tugunan ang kasalukuyan at hinaharap na mga pangangailangan.

KAHUSAYAN

Tinitiyak ang pambihirang serbisyo sa customer gamit ang matalinong paggastos ng pera upang makabuo ng matatag na komunidad.

PAGKAKAPANTAY-PANTAY

Bawasan ang mga pagkakaiba sa kalusugan, pabahay at pagkakataon sa ekonomiya.

INTEGRIDAD

Sumusunod sa pinakamataas na pamantayan ng etikal na pag-uugali.

PAG-ACCESS

Nagsusulong ng pakikipag-ugnayan ng komunidad sa mga wika, pasilidad at paraan na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga residente.


Namumuhunan sa Komunidad

Para makita ang buong Inirerekomandang Badyet ng CAO bisitahin ang:
www.sandiegocounty.gov/openbudget



Tool sa Pagtatasa ng Pagkakapantay-pantay ng **Badyet**

Upang isulong ang pagkakapantay-pantay, ang bawat departamento ng County ay gumagamit ng palatanungan upang matiyak na ang kani-kanilang mga badyet ay positibong makakaapekto sa marginalized na kasaysayan, mahihinang komunidad at mga tao.



Proseso at Timeline ng **Badyet**

Ang Punong Opisyal ng Administrasyon (CAO) ay magsusumite ng inirerekomandang badyet sa Lupon ng mga Superbisor sa Mayo. Pagkatapos ng mga presentasyon ng badyet sa mga pulong ng Lupon at komunidad, magaganap ang mga pampublikong pagdinig. Sa buong proseso, maaaring magbigay ng puna ang publiko. Ang isang binagong badyet ay inihanda. Sa huling bahagi ng Hunyo, pag-iisipan at pagtitibayin ng Lupon ang isang badyet.



*Maaaring magsumite ang publiko ng mga eComment sa inirerekomandang badyet sa Engage.SanDiegoCounty.gov/budget

Makialam!



Nais marinig ng County ang mula sa iyo

Ang pakikipag-ugnayan sa komunidad ay nasa sentro ng lahat ng ating ginagawa. Simula sa Mayo 4, maaari kang magsumite ng mga eComment sa badyet sa [Engage San Diego County](#).

Manood, makinig at lumahok sa mga pagtatanghal ng badyet, mga pagdinig, mga deliberasyon at pag-aampon sa paparating na mga pulong ng Lupon ng mga Superbisor.

Manood sa: [Cable TV](#), [County NewsCenter](#), [County website](#), [Vimeo Livestream](#), [YouTube](#), [Facebook](#), [Twitter](#)

Makinig sa pamamagitan ng pagtawag: (619) 531-4716

Komento: [Sa pamamagitan ng pagtawag o nang personal](#) sa isang pagdinig sa badyet, o magsumite ng eComment sa [Engage San Diego County](#) Mayo 4 – Hunyo 21

Humiling ng interpretasyon: (619) 531-5434 o PublicComment@sdcounty.ca.gov

Karagdagang informasyon: www.sandiegocounty.gov/cob/bosa/



[@countyofsandiego](#)



[@sandiegocounty](#)




[@countysandiego](#)




[@SanDiegoCounty](#)

Manatiling napapanahon sa balita!
Bisitahin ang aming mga website ng
Pakikipag-ugnayan sa Komunidad.

sandiegocounty.gov/engagement
engage.sandiegocounty.gov



Snapshot ng Badyet



Kasama sa County ang 18 lungsod at isang malaking hindi nakatala bilang isang korporasyon na lugar.



18 Nakatalang Lungsod Bilang Korporasyon




Hindi Nakatala Bilang Korporasyon na Lugar



\$8.11
bilyon



20,337
empleyado



Sa mga hindi nakatala bilang korporasyon na lugar, ginagawa ng pamahalaan ng County ang karaniwang ginagawa ng isang pamahalaang lungsod, tulad ng pagbibigay ng kaligtasan ng publiko at pagpapanatili ng mga parke, aklatan at mga kalsada.



Ang pamahalaan ng County ay gumagawa din ng mga bagay para sa buong rehiyon, tulad ng pagtiyak na ang mga tao ay may pag-access sa pagkain, pabahay at pangangalaga sa kalusugan, kasama ang pagtugon sa mga sakuna at pagsuporta sa sistema ng hustisya.



Populasyon

2020	3,331,279
2021	3,315,404
2022	3,287,306

Inirerekomendang Badyet sa 2023-24


Saan nanggagaling ang pondo?

Pederal, estado o iba pang pamahalaan

Mga buwis sa ari-arian

Mga bayad para sa mga serbisyo

Iba pang mga pagkukunan



Data ng Rehiyon

Bilang ng Kawalan ng Trabaho

2020	2021	2022
9.2%	6.5%	3.4%



Presyo ng Median na Bahay

Mga Tahanan ng Iisang Pamilya

Enero 2021	Enero 2022	Enero 2023
\$744,000	\$882,500	\$849,000

Mga Nakakabit na Bahay

Enero 2021	Enero 2022	Enero 2023
\$485,000	\$587,500	\$590,000

Kita ng Median na Sambahayan



2019	2020	2021
\$78,980	\$82,426	\$88,240

Para makita ang buong Inirerekomendang Badyet ng CAO bisitahin ang:
www.sandiegocounty.gov/openbudget



Inirerekomendang Badyet sa 2023-24

Kabuuang Inirerekomendang Badyet: \$8.11 bilyon




Ang Inirerekomendang Badyet ng CAO sa Piskal na Taong 2023 – 24 ay isang pagtaas ng \$745.8 milyon o 10.1% kaysa sa Pinagtibay na Badyet sa Taon ng Piskal na 2022-23. Sinasalamín nito ang pinalawak na pamumuhunan sa mga manggagawa ng County upang suportahan ang mga pangkalahatang operasyon, mga bagong programa at pagtaas ng mga caseload para sa mga serbisyong tumutulong sa mga mahihinang populasyon.



Kabuuang Paglalagay ng Tauhan ayon sa Grupo

20,337.25 (+489.75 / +2.5%)



Ang mga empleyado ng County ay naglilingkod sa publiko upang matiyak na ang mga residente at bisita ay ligtas, malakas at suportado. Ang mga pag-post ng trabaho sa county ay nakalista sa [website ng Human Resources](#).



Namumuhunan sa Komunidad

Kalusugan ng Isip at Karamdaman sa Paggamit ng Substansya

- Ang \$66.7 milyon na pagtaas para sa kabuuang \$737.9 milyon para sa mga kinontratang serbisyo ay kinabibilangan ng:
 - \$37.5 milyon na serbisyo sa kalusugan ng isip para sa mga nasa hustong gulang
 - \$10.9 milyon para sa mga serbisyo sa paglilipat ng krisis kabilang ang pagpapalawak ng mga Kilusang Pangkat ng Pagtugon sa Krisis, ang Linya ng Krisis, kamalayan sa pampublikong pagmemensahe at mga serbisyong nakabatay sa komunidad ng krisis
 - \$9.5 milyon para sa pasyente sa sakit sa paggamit ng substansya, pamamahala ng pagbawi, mga serbisyo sa tirahan at pagbawi
 - \$8.8 milyon para sa 41 pangmatagalang kama
- \$18.3 milyon para sa pagpapatupad ng CARE Act, isang bagong programa ng estado para sa mga taong may malubhang isyu sa kalusugan ng pag-uugali na maaaring magbigay ng mga serbisyo, tirahan at paggamot sa pamamagitan ng paglilitis ng korte sibil
- \$7.1 milyon para tugunan ang pagkagumon sa opioid



Mga Priyoridad sa Badyet



Kawalan ng Tahanan at Pabahay

- \$25 milyon na pagtaas para sa Trust Fund ng Makabagong Pabahay upang tumulong sa pagtatayo ng abot-kayang pabahay
- \$6.6 milyon na pagtaas upang suportahan ang aktibidad sa pabahay na pinondohan ng Permanenteng Lokal na Paglalaan ng Pabahay at mga programa sa pagbibigay ng karapatan ng HUD
- \$5.8 milyong pagtaas upang maiwasan ang kawalan ng tirahan at magbigay ng katatagan sa pabahay para sa mga pamilyang nakakaranas ng kawalan ng tirahan
- \$2.3 milyon para sa mga serbisyo sa kawalan ng tirahan/pabahay para sa komunidad ng LGBTQIA+
- \$1.4 milyon na pagtaas para sa Madamayng Pang-emergency na Solusyon sa Pabahay tulad ng mga ligtas na lugar ng paradahan
- \$250,000 na pagtaas para sa Pool ng Naaangkop na Pabahay upang suportahan ang agarang pag-upa
- 367 bagong Mga Yunit ng Pangalawang Tirahan upang makatulong na bawasan ang gastos sa pagtatayo ng mga bagong tahanan gamit ang pagpapatuloy ng pinangungunahang programa sa waiver ng bayad sa ADU ng County

Pagpapanatili at Paglaban sa Pagbabago ng Klima



- \$3.8 milyon para ipagpatuloy ang trabaho sa isang mapaghangad na Balangkas ng Pangrehiyong Decarbonization na tutulong sa mga komunidad na ilipat ang rehiyon patungo sa zero-carbon na emisyon
- Magplanong magtanim ng 5,000 puno bilang bahagi ng panrehiyong pagsisikap na magdagdag ng 10,000 puno sa buong county upang natural na maalís ang carbon dioxide sa hangin at mapababa ang temperatura
- \$2.7 milyon upang maibalik ang lupa at mapabuti ang kalidad ng tubig sa Tijuana River Valley
- \$2.5 milyon para sa yugto ng disenyo ng bagong Plano sa Zero Carbon Portfolio para sa mga operasyon ng County na may layuning maabot ang 90% na pagbawas sa mga emisyon ng greenhouse gas sa mga pasilidad pagsapit ng 2030
- Upang bawasan ang footprint ng County at makatipid ng mga gastos sa pamamagitan ng pag-alis ng pangangailangan para sa isang bagong pasilidad, plano ng pagsasama-sama ng espasyo ng opisina ay isinasagawa sa Sentro ng Operasyon ng County



Mga Priyoridad sa Badyet

Reporma sa Katarungan

- \$10.6 milyon para protektahan ang publiko at tulungan ang hustisya na may kinalaman sa mga taong may mga sakit sa paggamit ng substansya at/o mga isyu sa kalusugan ng pag-uugali habang sila ay muling papasok sa kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng pagkonekta sa kanila sa paggamot, pabahay at mga trabaho
- \$12.8 milyon para sa mga programa ng hukuman upang suportahan ang mga kalusugan ng isip, paggamit ng substansya at iba pang mga pangangailangan, tulad ng Collaborative Courts, Drug Court, Mandatory Supervision Court, Reentry Court, Veterans Court at Behavioral Health Court
- \$5 milyon para magbigay ng libreng legal na representasyon sa mga taong nakakulong o nasa alternatibong mga kapaligiran ng detensyon at naghahanap ng bahay-ampunan o nahaharap sa deportasyon
- \$2 milyon upang ilayo ang mga kabataan sa sistema ng hustisyang pangkriminal at tugunan ang mga pinagbabatayan ng mga sanhi ng kanilang mapaminsalang pag-uugali
- \$200,000 upang baguhin ang mga kabataan sa paraan ng pagbibigay sa mga tao ng pagsasanay sa Akademya ng Pag-unlad ng Kabataan sa Probasyon sa CAL FIRE upang hayaan silang lumipat patungo sa isang karera sa paglaban sa sunog
- Karagdagang kawani para sa mga inspeksyon ng mga detensyon ng Lupon ng Pagsusuri sa Pagpapatupad ng Batas ng mga Mamamayan, isang independiyenteng katawan na responsable sa pag-iimbestiga sa mga reklamo laban sa mga kinatawan at opisyal ng probasyon ng Sheriff ng San Diego County
- Karagdagang kawani na magpapatupad ng buwis sa negosyo ng cannabis at ng Programa ng Katarungang Panlipunan para tugunan ang hindi katimbang na pinsalang dulot ng War on Drugs sa mga komunidad na may kulay
- Mga Pagtatanghal ng Pop-up na Pagkukunan ng Hukuman sa Kawalan ng Tirahan na suportado ng County, Lungsod at mga ahensya ng serbisyo para sa mga walang tirahan upang tulungan ang mga nasa panganib o nakakaranas ng kawalan ng tirahan upang malutas ang mga maliliit na pagkakasala



Pamumuhunan sa Mga Pamilyang Nagtatrabaho

- 354 karagdagang taon ng kawani sa lahat ng departamento ng Ahensya ng Kalusugan at Serbisyon Pantao upang suportahan ang mga programang pangkaligtasan tulad ng CalWORKs, CalFresh, at Medi-Cal, at mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, kalusugan ng publiko, mga nakatatanda, mga bata, at mga pamilya
- \$141.1 milyon na pagtaas para sa mga pagbabayad ng benepisyo sa programang pampinansyal na seguridad, mas mataas na sahod para sa mga tagapag-alaga ng Mga Serbisyon Pansuporta sa Bahay, karagdagang mga serbisyo sa pagtatrabaho at pagsasanay para sa mga tatanggap ng CalWORKs at CalFresh at pagpapalawak ng Access sa Info Line 211
- \$18 milyon na pagtaas upang suportahan ang mga inampong kabataan, dagdagan ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa mga kabataan sa edad ng paglipat at upang mag-set up ng Sentro ng Pag-iwas upang matulungan ang mga pamilya na maiwasan ang sistema ng kapakanan ng bata at Probasyon ng Kabataan
- \$5.2 milyon ng patuloy na suporta para sa Tanggapan ng Mga Ugnayan ng Imigrante at Refugee
- \$3 milyon na pagtaas upang suportahan ang mga nakatatanda na may access sa teknolohiya at libreng transportasyon
- \$6.9 milyon na pagtaas upang itaguyod ang seguridad sa pagkain at nutrisyon ng senior
- Karagdagang kawani para sa Tanggapan ng Mga Pamantayan at Pagpapatupad ng Paggawa para palawakin ang kapasidad sa pag-iimbestiga at protektahan ang mga manggagawa mula sa pagnanakaw ng sahod
- Karagdagang kawani na magpapatupad ng Patakaran ng Lupon B-74, Mga Pamantayan sa Pagkontrata para sa Mga Serbisyo sa Paglilinis, Landscaping at Seguridad, at pahusayin ang mga proteksyon sa pagtatrabaho para sa mga kontratista ng mga serbisyo sa ari-arian



Malulusog at Ligtas na Komunidad

- \$18 milyon para itayo ang “One Safe Place South: The South County Family Justice Center,” na tumutugma sa binuksan sa North County, upang matulungan ang mga nakaligtas sa mga kautusang pagpigil, pagpapalano sa kaligtasan at therapy sa trauma, at tulungan silang makakuha ng pangangalaga sa kalusugan, tulong sa pagkain, silungan at tirahan
- \$3.9 milyon para palakasin ang Imprastraktura ng Pampublikong Kalusugan
- \$35.6 milyon para magtayo ng bagong Silungan ng Hayop sa Santee (Santee Animal Shelter) na magbubukas sa taglagas ng 2024
- \$17 milyon para magtayo ng bagong Jacumba Fire Station para mas maprotektahan ang buong komunidad at rehiyon
- Protektahan ang publiko sa pamamagitan ng mas maraming pamumuhunan sa pampublikong manggagawa sa kalusugan na may kabuuang 259 na posisyon mula noong Piskal na Taong 2021-22
- 52,000 talampakang kuwadrado, bagong state-of-the-art na Laboratoryo ng Pampublikong Kalusugan ng County
- Mangolekta ng 175 tonelada ng mga mapanganib na basura sa bahay upang mapanatiling ligtas at malusog ang ating mga kapitbahayan at komunidad

Matuto Pa

Para makita ang buong Inirerekomendang Badyet ng CAO bisitahin ang:

www.sandiegocounty.gov/openbudget





www.sandiegocounty.gov

1600 Pacific Highway, San Diego, CA 92101